



Mga Mapagkukunan ng Impormasyon para sa Meningococcal na Pagbabakuna
Mga Rekomendasyon para sa mga Nagbibinata/Nagdadalaga at mga Kabataan

IMPORMASYON PARA SA PASYENTE

MENINGOCOCCAL DISEASE: ANO ANG DAPAT MONG MALAMAN

Inirerekomenda ang Pagbabakuna para sa mga Nagbibinata/Nagdadalaga na 11-18 taong gulang upang Maiwasan ang Malubhang Impeksyon na Nagdudulot ng Meningitis.

Ano ang meningococcal disease?

Ang meningococcal disease ay anumang impeksyon na sanhi ng bakterya na tinatawag na meningococci (muhnin-jo-cox-eye). Ang impeksyong ito ay pinakamadalas na nauuwi sa malubhang pamamagâ sa paligid ng lining ng utak at spinal cord (meningitis) o kaya impeksyon sa daluyan ng dugo (meningococcemia). Hindi kasing dalás na nauuwi ito sa iba pang hindi gaanong malalang mga sakit, tulad ng arthritis at pulmonya.

Mas madali bang kapitan ng sakit ang mga nagbibinata/nagdadalaga at mga kabataan?

Oo, lalo nang madaling kapitan ang mga nagbibinata/nagdadalaga at mga kabataan ng maaaring makamatay na sakit na ito. Sa katunayan, 30 porsiyento ng lahat ng mga kaso ay nangyayari sa mga nagbibinata/ nagdadalaga at mga kabataan. Hanggang 2,800 Amerikano ang naiimpeksyon bawat taon, at pinapatay nito ang hanggang 10 porsiyento ng mga taong naiimpeksyon.

Malubhâ ba ang meningococcal disease?

Ang meningococcal disease ay isang napakalubhang sakit. Kahit na ginagamot, humigit-kumulang sa isa sa bawat sampung tao na naiimpeksyon nito ay mamamatay. At mga dalawa sa bawat sampung nakaligtas ang nagkakaroon ng mga permanenteng problema kabilang ang pinsala sa utak, pagkabingi at pagkaputol ng binti/braso.

Paano kumakalat ang meningococcal disease?

Ang meningococcal bacteria ay kumakalat sa pamamagitan ng pag-ubo at pagbahing o kaya sa pamamagitan ng tuwirang kontak sa lumalabas na likido mula sa ilong at lalamunan ng isang taong naimpeksyon (halimbawa, sa pamamagitan ng paghalik).

Ano ang mga sintomas ng meningococcal disease?

Maaaring kabilang sa mga unang sintomas ng meningococcal disease ang lagnat, sakit ng ulo, pananakit ng katawan at stiff neck (sumasakit ang leeg). Dahil ang mga unang sintomas na ito ay maaaring banayad at katulad ng mga sintomas ng mga hindi kasing lubhang sakit na dulot ng virus tulad ng sipon o kaya trangkaso, hindi kataka-taka para sa isang tao na ipagpaliban ang magpatingin. Ngunit ang mga sintomas ay maaaring lumalâ nang mabilis na mabilis, at pumapatay ng isang malusog na kabataan sa loob ng 48 oras o wala pa, kaya't mahalagang-mahalaga ang kumuha kaagad ng medikal na atensiyon. Ang iba pang mga sintomas na maaari ring lumabas ay alibadbad, pagsusuka, pagkalito, pagkaantok, pagiging sensitibo sa ilaw at rash (karaniwang mga madilim na kulay purple na marka sa mga braso o binti).

Isang inisyatibo sa pampublikong edukasyon na hatid sa inyo ng National Foundation for Infectious Diseases sa pakikipag-ugnayan ng American Academy of Family Physicians, American Academy of Pediatrics, American College Health Association, American College of Physicians, American Medical Association, Society for Adolescent Medicine at ng National Meningitis Association. Ang mga layunin ng programang ito ay sinusuportahan ng Centers for Disease Control and Prevention.

National Foundation for Infectious Diseases, 4733 Bethesda Avenue, Suite 750, Bethesda, MD 20814 • www.nfid.org

Ang programang ito ay ginawang posible ng walang restriksiyon na educational grant sa National Foundation for Infectious Diseases ng sanofi pasteur

Sino ang dapat magpabakuna?

Inirerekomenda ng mga US na awtoridad sa kalusugan ang pagbabakuna para sa lahat ng mga nagbibinata/nagdadalaga na 11-18 taong gulang.

Bakit inirerekomenda ang pagbabakuna para sa mga nagbibinata/nagdadalaga at mga kabataan?

Dahil sa mga faktor ng istilo ng pamumuhay, tulad ng matagal at pagiging malapit ng mga malalaking grupo ng mga kabataan sa isa't-isa (halimbawa, mga dorm, mga sleep-away camp) at paninigarilyo (kabilang ang second-hand smoke), mas malaki ang panganib ng mga nagbibinata/nagdadalaga at mga kabataan na makuha ang sakit.

Maiiwasan ba ng pagbabakuna ang meningococcal disease?

Ang pagpapabakuna ay nagprotektala laban sa apat sa limang pinaka-karaniwang klase ng meningococcal bacteria (tinatawag na type A, C, Y at W-135). Ang apat na ito ang nagiging dahilan sa karamihan ng mga kaso sa mga nagbibinata/nagdadalaga at mga kabataan. Sa kasalukuyan, walang makukuhang bakuna sa U.S. upang magprotektala laban sa type B, na maaaring magdulot ng sakit sa mga nagbibinata /nagdadalaga at mga kabataan.

Mabisâ ba ang pagbabakuna?

May conjugate meningococcal vaccine na makukuha para sa mga bata, nagbibinata/nagdadalaga at mga kabataan (2 hanggang 55 taong gulang) at nagbibigay ng proteksyon laban sa apat sa limang serogroups o mga klase ng N. meningitidis na nagiging sanhi ng halos lahat ng clinical na sakit sa mga nagbibinata/nagdadalaga at mga kabataan. Sa pangkalahatan, kabilang sa mga benepisyo ng isang conjugate vaccine ang mas mahabang nagtatagal na response (pagtugon) at mas mahusay na lakas ng immune response. Ang dati nang polysaccharide vaccine ay makukuha para gamitin sa parehong grupo ng edad, ngunit ang bakunang ito ay nagbibigay ng proteksyon para lamang sa tatlo hanggang limang taon. Sa kasamaang palad, walang bakuna sa U.S. na nagprotektala laban sa serogroup B disease, na pinaka-karaniwan sa mga sanggol.

Ligtas ba ang meningococcal vaccine?

Oo, ligtas ang bakuna. Tulad ng lahat ng mga bakuna, maaaring mayroong mga kaunting reaksiyon, kabilang ang kirot at pamumula sa lugar na iniiksyunan, sakit ng ulo, matinding kapaguran o di-maipaliwanag na pakiramdam ng pagkaasiwa. Maaaring ibigay ang bakuna kasabay ng pertussis booster na ibinibigay sa maraming mga batang 11 hanggang 12 taong gulang bago sila magbinata/magdalaga.

Sino ang nagrerekomenda sa bakuna?

Ang bakuna ay inirerekomenda ng Centers for Disease Control and Prevention para sa lahat ng mga nagbibinata/nagdadalaga na 11-18 taong gulang.

Saan ako maaaring makakuha ng karagdagang impormasyon?

Kung nais mo ng karagdagang impormasyon tungkol sa meningococcal disease at sa mga benepisyo ng pagpapabakuna, kausapin ang inyong doktor o health care provider. Ang mga web site sa ibabâ ay nagbibigay rin ng karagdagang impormasyon tungkol sa meningococcal disease at sa mga benepisyo ng pagpapabakuna.

American Academy of Pediatrics
<http://www.aap.org>

IMPORMASYON PARA SA PASYENTE, *pagpapatuloy*

American Academy of Family Physicians
<http://www.aafp.org>

American College Health Association
<http://www.acha.org>

American College of Physicians
<http://www.acponline.org>

American Medical Association
<http://www.ama-assn.org>

Centers for Disease Control and Prevention
http://www.cdc.gov/ncidod/dbmd/diseaseinfo/meningococcal_g.htm

National Foundation for Infectious Diseases
<http://www.nfid.org>

Society for Adolescent Medicine
<http://www.adolescenthealth.org>

National Meningitis Association
<http://www.nmaus.org>